ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# MGA KILOS SA *FEEDBACK LITERACY* NG MGA MAG- AARAL SA MEDYOR SA FILIPINO NG *KAPALONG COLLEGE OF AGRICULTURE, SCIENCES AND TECHNOLOGY*: ISANG DESKRIPTIBONG KOMPARATIBONG PAG-AARAL

**Carl Benedict T. Miole[1], Benjie F. Salcedo, LPT[2]**
[1]*Student Researcher, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Philippines*
[2]*Research Adviser, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra19888**
**DOI No: 10.36713/epra19888**

## ABSTRAK

*Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tukuyin ang kilos sa feedback literacy ng mga mag-aaral ng BSEd medyor sa Filipino ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, pati na rin ang kaugnayan nito sa kasarian at antas ng taon. Gamit ang kwantitatibo at deskriptibong-komparatibong metodolohiya, isinagawa ang sarbey sa 147 mag-aaral sa pamamagitan ng stratified random sampling at Likert scale bilang instrumento. Lumabas sa resulta na mataas ang antas ng kanilang kakayahan sa pagkuha, pag-unawa, at paggamit ng feedback, ngunit bahagyang mas mababa ang kakayahan sa pagbibigay ng feedback at pamamahala ng emosyon. Walang pagkakaiba ang feedback literacy batay sa kasarian, ngunit mayroong pagkakaiba naman ayon sa antas ng taon ng mag-aaral. Iminumungkahi ng pag-aaral na isama ang mga pagsasanay, workshop, at seminar sa pagpapahusay ng feedback literacy bilang bahagi ng mga programa para sa mga guro. Sa kabuoan, ang pag-aaral na ito ay nagbigay ng mahahalagang impormasyon hinggil sa antas ng feedback literacy ng mga mag-aaral ng BSEd Major sa Filipino at ang mga salik na nakaaapekto rito.*

**MGA SUSING SALITA**: *literacy, mag-aaral, kilos sa feedback, kuwantitatibo, deskriptibong-komparatibo, stratified random sampling*

## INTRODUKSYON

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong suriin kung paano tinatanggap at ginagamit ng mag-aaral ang mga puna o *feedback* na natatanggap nila mula sa kanilang mga guro o kapwa mag-aaral. Partikular na tinitingnan ng pananaliksik kung mayroon bang pagkakaiba sa pagitan ng kasarian at antas ng taon ng mag-aaral sa kanilang kasanayan na gumamit ng *feedback*, upang mapabuti ang kanilang mga gawain sa akademikong pagganapan. Sa pamamagitan nito, layunin nito ang matukoy ang kalalabasan ng puna sa pagkatuto at kung paano ito makatutulong sa pag-unlad ng mag-aaral. Samakatuwid, ito ay naglalayong matulungan ang mga guro at ang mga mananaliksik upang malaman ang kilos o gawi ng mag-aaral sa kasanayan o kaalaman sa paggamit ng puna, at ang epekto nito kung paano nila ito gagamitin sa kanilang pagpapaunlad (Dawson et al., 2023).

Ito ang napiling pokus ng pag-aaral partikular na sa bansang *China*, sapagkat nakita ng mga mananaliksik na malimit lamang ang naging pananaliksik na tumitingin sa dinamikong relasyon sa pagitan ng kasanayan sa pagbibigay ng *feedback* ng guro, karanasan ng bawat mag-aaral sa *feedback,* at ang kanilang mga resulta sa pagkatuto sa mga *setting* ng mas mataas na edukasyon. Sinisiyasat nito kung ano ang kalagayan o sitwasyon ng paaralan tulad ng pagkakaiba sa pagitan ng mga kilala at hindi kilalang unibersidad o *key* at *non-key* na unibersidad sa kaugnayan ng *feedback* ng guro, motibasyon, at mga resulta ng kanilang pagkatuto ng mag-aaral. Nakitang mayroong pagkakaiba ang dalawang unibersidad patungkol sa kasanayan sa paggamit at pagbibigay ng puna sa pagitan ng guro at ng mag-aaral. Mas laganap ang paggamit ng puna sa mas mataas na edukasyon o unibersidad kumpara sa kabilang unibersidad (Gan et al., 2021).

Sa konteksto ng Pilipinas, partikular na sa rehiyon ng Luzon, naging pokus ito ng mga mananaliksik sapagkat sinisiyasat nito ang pinakakaraniwang pagkakamali na ginagawa ng mag-aaral sa pagsulat ng kwento, sa uri ng *written corrective feedback* o WCF na natatanggap nila mula sa mga guro. Naging pag-aaral ito ng mananaliksik upang suriin ang mag-aaral sa sekondarya hinggil sa korektibong pidbak na ibinibigay sa kanilang isinusulat upang mapabuti ang pag-aaral ng mag-aaral. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa hamon na kinakaharap ng mag-aaral at guro, maaaring makabuo ng mga mas epektibong estratehiya upang mapahusay o mapabuti ang kalidad ng edukasyon sa Pilipinas (Balanga et al., 2016).

Sa gitna ng patuloy na pagbabago ng panahon, mahalagang maunawaan ng mga tao kung paano nakaaapekto ang mga ito sa *mental* at emosyonal na kalagayan ng kabataan, lalo na sa mag-aaral sa kolehiyo. Ito ay nagsisilbing isang pagsisiyasat upang malaman kung paano matutulungan ang mag-aaral na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

makayanan ang pagsubok na ito sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa sarili at epektibong paggamit ng mga puna o *feedback*. Kung kaya, mahalaga na patuloy na mapaunlad ng mag-aaral ang kanilang kasanayan sa pagtanggap at paggamit ng puna o *feedback* sapagkat makatutulong ito para maging malawak ang kanilang pag-iisip, at magiging tulay ito upang mahasa ang kanilang kasanayan sa komunikasyon sa iba't ibang aspeto sa buhay. Sa kontekstong ito, nais ng mananaliksik na malaman ang kilos sa *feedback literacy* ng mag-aaral sa lahat ng kasarian sa lahat ng antas ng BSED-Filipino, sapagkat ito ay maaaring makapagpapataas ng kamalayan sa mga inilaan na makikinabang at posibleng makabuo ng mga plano sa pagkilos upang mapabuti ang proseso ng pagkatuto, pagtuturo, at pangagasiwa ng paaralan. Sa gayon, ang kinakailangan ng mananaliksik ay ang pagsagawa ng isang pag-aaral.

Samantala, may kaugnay na pag-aaral patungkol sa kaalaman o kasanayan sa pagtanggap at paggamit ng puna ng mag-aaral at wala pang pag-aaral na isinagawa sa lokal na kolehiyo ng Kapalong. Gayunpaman, ito ay nakatutok sa kaalaman o kasanayan sa pagtanggap ng puna ng mag-aaral tulad na lamang ng pag-aaral nina Dawson et al. (2023) na "*Can students' feedback literacy be improved? A scoping review of interventions*", gayun din sa pag-aaral nina Balanga et al. (2016) na "*Student Beliefs towards Written Corrective Feedback: The Case of Filipino High School Students*", at pag-aaral nina Carless, D., at Boud, D. (2018) na "*The development of student feedback literacy: Enabling uptake of feedback*", at wala pang pag-aaral na isinagawa sa *Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology* na tumututok sa kanilang kilos sa *feedback literacy*. Dahil dito, kinakailangang siyasatin ang ikinikilos sa *feedback literacy* ng mga mag-aaral sa medyor sa Filipino upang matugunan kung paano tatanggapin at gagamitin ng mag-aaral ang isang puna para paglago ng kaniyang pag-aaral o maging ang kabuoang personal na paglago.

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay tuklasin ang kahalagahan ng pananaliksik sa sektor ng edukasyon, partikular sa KCAST, sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga kasanayan ng mga mag-aaral sa pagtanggap at paggamit ng puna batay sa kanilang kasarian at antas ng taon. Mahalaga ang pag-aaral na ito dahil tinutukoy nito ang mga hamon na nararanasan ng mga mag-aaral sa kasalukuyan kaugnay sa kanilang akademikong pagganap at kakayahang tumanggap ng puna. Inaasahan din nitong makapagbigay ng mahalagang impormasyon para sa susunod na mga hakbang ng institusyon at makapagbigay ng inspirasyon sa mga mag-aaral na nagnanais pagbutihin ang kanilang kasanayan sa pagtanggap ng puna para sa kanilang personal at akademikong pag-unlad.

**Layunin ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang kilos sa *feedback literacy* ng BSED-Filipino sa KCAST.

Pinagsikapang sagutin ng mananaliksi ang sumusunod na mga katanungan:

1. Ano ang propayl ng mag-aaral batay sa:
   1.1 kasarian; at
   1.2 antas ng taon
2. Matukoy ang kilos sa *feedback literacy* ng mag-aaral ayon sa:
   2.1 paghahanap ng *feedback* na impormasyon;
   2.2 gawing makabuluhan ang impormasyon;
   2.3 magamit ang *feedback* na impormasyon;
   2.4 makalahad ng *feedback* na impormasyon; at
   *2.5 manage affect*
3. Pagkakaiba ng mga kilos sa *feedback literacy* ng mag-aaral batay sa:
   3.1 kasarian; at
   3.2 antas ng taon

**Haypotesis**

Ang haypotesis ng pag-aaral ay sinubuk sa 0.05 antas na kahalagahan na nagsasad na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kasarian sa kilos sa *feedback literacy* ng mag-aaral. Gayunpaman, ang antas ng taon ng mag-aaral at kilos sa *feedback literacy* ay may ugnayan sa isa't isa.

## METODOLOHIYA

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang disenyong ginamit sa pag-aaral na ito ay ang kwantitatib sa pamamaraang deskriptibong-komparatibong pag-aaral, kung saan sinusukat nito ang kilos sa *feedback literacy* ng mag-aaral sa edukasyon. Sapagkat nilalayon ng pag-aaral na ito na matuklasan ang ikinikilos ng mag-aaral patungkol sa kanilang natanggap na mga puna. Ayon kay Cantrell (2011), upang matukoy ang ugnayan sa pagitan ng mga baryabol sa pag-aaral at upang makilala ang mga pagkakaiba sa pagitan ng mga grupo sa loob ng populasyon nang hindi binabago ang *independent variable*. Gumamit din ang mananaliksik ng *adaptive* na talatanungan bilang instrumento sa paglikom ng datos na kinakailangan ng pananaliksik. Sa pamamaraang ito, hindi kinokontrol o manipulahin ng mananaliksik ang mga baryabol, inoobserbahan at sinusukat lamang ang mga ito (McCombes, 2019).

Sa pamamaraang deskriptibong-komparatibo, sinuri ng mananaliksik ang kaibahan sa pagitan ng dalawang katangian ng grupong pag-aralan Ang baryabol na ito ay sariling kakayahan ng pananaliksik ng mag-aaral sa programang edukasyon at may *moderator* na kasarian at lebel ng taon.

**Lokal na Pananaliksik**

Makikita sa bahaging ito ang maikli at espesipikong paglalarawan sa lugar o tagpuan kung saan ginanap ang ginawang pananaliksik. Ang pananaliksik ay ginawa sa Barangay Maniki, Kapalong Davao Del Norte partikular sa *Kapalong College of Agriculture Sciences, and Technology* na kung saan nagmula ang mga respondante. Ang naging partisipante sa pag-aaral na ito ay ang mga piling mag-aaral sa programang edukasyon medyor sa Filipino mula sa unang antas hanggang ikaapat ng KCAST.

**Populasyon at Sampol**

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa *Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology*, kung saan ang mga kalahok ay mga piling mag-aaral mula sa *1st year* at *4th year* sa programang edukasyon, medyor sa Filipino, na may kabuoang populasyon na 327. Ang mananaliksik ay kumuha ng datos tungkol sa bilang ng mga respondente sa bawat seksyon mula

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

sa *registrar* upang maitala ang kabuoang bilang ng mga kalahok. Ginamit ang *stratified random sampling*, isang proseso kung saan hinati ang populasyon sa mas maliit na mga grupo o *strata* batay sa mga salik tulad ng kasarian, o kakayahan sa pag-aaral, at mula rito ay pumili ng *random sample* mula sa bawat *stratum*. Ang pamamaraang ito ay nakakatiyak na sapat ang representasyon ng bawat *subgroup* at naipapakita ang pangkalahatang resulta ng populasyon. Mahalaga rin na maipakilala nang wasto ang populasyon at maunawaan ang mga kritikal na kriteria para sa estratipikasyon upang epektibong magamit ang estratehiyang ito (Etikan & Bala, 2017).

***Talahanayan 1***
***Tsart ng Frequency Distribution ng mga respondente***

| BSED FILIPINO | KASARIAN | POPULASYON | SAMPLE | PORSYENTO |
|---|---|---|---|---|
| *1ST Year* | *Babae* | 124 | 56 | 17.16% |
| | *Lalaki* | 43 | 19 | 5.95% |
| *2nd Year* | *Babae* | 55 | 25 | 7.61% |
| | *Lalaki* | 11 | 5 | 1.52% |
| *3rd Year* | *Babae* | 47 | 21 | 6.51% |
| | *Lalaki* | 13 | 6 | 1.80% |
| *4th Year* | *Babae* | 29 | 13 | 4.01% |
| | *Lalaki* | 5 | 2 | 0.69% |
| **KABUOAN** | | **327** | **147** | **45.25%** |

Ipinakita sa Talahanayan 1 ang distribusyon ng mga respondente ayon sa kasarian, populasyon, bilang ng sampol, at porsyento mula sa programang edukasyon medyor sa Filipino mula ika-1 na taon hanggang ika-4 na taon. Sa unang taon, mayroong kabuoang 124 kababaihan at 43 kalalakihan, kung saan 56 kababaihan at 19 kalalakihan ang napiling maging bahagi ng sampol, na may kaukulang porsyento na 17.16% para sa kababaihan at 5.95% para sa kalalakihan. Sa ikalawang taon, 55 kababaihan at 11 kalalakihan ang bumubuo sa populasyon, kung saan 25 na kababaihan at 5 na kalalakihan ang napabilang sa sampol, na kumakatawan sa 7.61% at 1.52%, ayon sa pagkasusunod. Samantala, sa ikatlong taon, mula sa 47 kababaihan, 21 ang napili bilang sampol, samantalang mula sa 13 kalalakihan, 6 ang napabilang, na nagreresulta sa porsyentong 6.51% at 1.80%. Sa ikaapat na taon, 29 kababaihan at 5 kalalakihan ang kabuoang populasyon, kung saan 13 kababaihan at 2 kalalakihan ang napili, na may porsyentong 4.01% at 0.69%. Sa kabuoan, ang populasyon ng mga estudyante ay 327, at mula rito, 147 ang napiling maging sampol, na katumbas ng 45.25% ng kabuoang populasyon. Ang proseso ng pagkalkula ng mga sampol ay isinagawa gamit ang *Slovin's formula* upang matiyak ang sapat at maayos na representasyon ng bawat taon at kasarian sa kabuoang bilang ng mga respondente.

**Instrumento ng Pananaliksik**

May pamamaraang ginamit sa pananaliksik una, ay ang talatanungan na gagamitin para sa pagsasakatuparan sa tungkulin at talatanungan na ginamit para sa baryabol na kilos sa *feedback literacy*. Ang mga instrumentong ginamit para sa baryabol ay mga talatanungang nakalap ng mananaliksik at ito ay pag-aralan ng miyembro ng panel para sa validation.

Ang *Likert Scale* ang ginamit na panukat upang malaman ang lebel ng mga kalahok ayon sa sariling kakayahan ng mag-aaral sa pananaliksik. Ito rin ay binubuo ng isang pahayag o tanong, kasunod ng isang serye ng lima o walong mga pahayag na sagot. Ang *Likert Scale* ay nangangailangan ng indibidwal na pagsulat ng tsek sa kahon bilang tugon sa mga bilang ng tanong

| Saklaw ng Paglalarawan | Kahulugan | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 4.20-5.00 | Lubhang Mataas | Kung ang kilos sa *feedback literacy* ng mag-aaral ay laging naipapakita. |
| 3.40-4.19 | Mataas | Kung ang kilos sa *feedback literacy* ng mag-aaral ay madalas naipapakita. |
| 2.60-2.59 | Katamtaman | Kung ang kilos sa *feedback literacy* ng mag-aaral ay minsan lang naipapakita. |
| 1.80-2.59 | Mababa | Kung ang kilos sa *feedback literacy* ng mag-aaral ay bihirang naipapakita. |
| 1.00-1.79 | Lubhang Mababa | Kung ang kilos sa *feedback literacy* ng mag-aaral ay malimit o hindi naipapakita. |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Pagkolekta ng Datos**
Sa pagkolekta ng datos, isinagawa ng mananaliksik ang sumusunod na hakbang:

**Pagbuo ng Talatanungan.** Sinuri ng mananaliksik ang bawat talatanungang pinagbabatayan mula sa artikulong dyornal at kaugnay na pag-aaral sa *internet* na tiyaking maiuugnay sa baryabol na ginamit.

**Rebisyon at Balidasyon ng mga Talatanungan.** Matapos mabuo ang talatanungan, ito ay isinumite sa *panel* ng mga eksperto upang masuri at maikontekstwalisa ayon sa layunin ng pag-aaral. Sinunod ng mananaliksik ang lahat ng mungkahi at rekomendasyon ng bawat eksperto sa pagrebisa hanggang sa tuluyang maaprubahan ang paggamit nito.

**Paggawa ng liham pahintulot.** Ang mananaliksik ay gumawa ng liham sa *Bise-Presidente ng Academic Affair ng KCAST* para mabigyan ng pahintulot na magsasagawa ng pananaliksik.

**Distribusyon ng mga Talatanungan.** Matapos maaprubahan at maibalidipika ng *panel* ng mga eksperto ang talatanungan, ang instrumento ng pananaliksik ay ipinamamahagi nang direkta sa bawat kalahok, kalakip ang isang pahintulot. Ang proseso ng pag-aaral ay sinimulan ng mananaliksik, at ang mga talatanungan ay kinuha mula sa mga respondente matapos nilang sagutan ang lahat ng ito.

**Koleksyon at Tabulsyon ng mga Datos.** Matapos ang maisagawa ang sarbey, kinuha at sinuri ng mananaliksik ang instrumento ng pananaliksik upang maitala ang nakalap na mga tugon mula sa mga kalahok. Ang mga estatistikal na datos ay maingat na sinuri at binigyang kahulugan ang mga resulta. Batay sa mga nalikom na datos, nabuo ang konklusyon, at inihanda ang mga rekomendasyon alinsunod sa mga natuklasan ng pag-aaral.

**Estatistikal Tritment ng Datos**
Ang sumusunod na kagamitang estatistikal ay ginamit sa pagkalkula ng mga datos sa pag-aaral na ito lalo na sa pagsukat sa layunin ng mananaliksik na may antas ng katiyakan:

***Mean*.** Ginamit sa pagtukoy sa sariling kakayahan sa pananalikik ng bawat mag-aaral sa edukasyon medyor sa Filipino.

***Independent variable T-test.*** Ito ang ginamit upang tukuyin ang makabuluhang pagkakaiba ng kilos sa *feedback literacy* ng mag- aaral sa medyor Filipino batay sa kasarian.

***Analysis of Variance (*ANOVA*).*** Ito ang ginamit upang tukuyin ang makabuluhang pagkakaiba ng kilos sa *feedback literacy* ng mag-aaral sa medyor sa Filipino batay sa antas ng taon.

## RESULTA AT DISKUSYON

***Talahanayan 2***
***Propayl ng mga Mag-aaral batay sa Kasarian***

| *Kasarian* | *Frequency* | *Porsyento* |
|---|---|---|
| *Babae* | *115* | *78.23%* |
| *Lalaki* | *32* | *21.77%* |
| ***Total*** | ***147*** | ***100.00%*** |

***Talahanayan 3***
***Propayl ng mga mag-aaral batay sa Antas ng Taon***

| Antas ng Taon | Frequency | Porsyento |
|---|---|---|
| Unang taon sa BSEd Filipino | 75 | 51.02% |
| Pangalawang taon sa BSEd Filipino | 30 | 20.41% |
| Pangatlong taon sa BSEd Filipino | 27 | 18.37% |
| Ikaapat na taon sa BSEd Filipino | 15 | 10.20% |
| **KABUOAN** | **147** | **100.00%** |

**Personal na Impormasyon ng mga Mag-aaral batay sa Kasarian at Antas ng Taon**
Ipinapakita sa Talahanayan 2 ang propayl ng bawat respondante batay sa kasarian. Ang talahanayan ay nagpapakita na babae ang may pinakamaraming bilang ng mga respondante. Samantala, ipinapakita sa Talahanayan 3 ang distribusyon ng mga respondente batay sa kanilang antas ng taon sa ng mag-aaral sa medyor sa Filipino. Ayon sa talahanayan, ang unang taon ang may pinakamalaking bilang ng mga respondente na umabot sa 75 o 51.02%. Sinundan naman ito ng pangalawang taon sa parehong kurso na may bilang na 30 o 20.41% porsyento. Sa pangatlong taon naman ay may bilang na 27 o 18.37% porsyento. Ang panghuli ay ang ika-apat na taon na may bilang na 15 o 10.20% porsyento. Sa kabuoan, ang talahanayan ay nagpapakita na ang nasa unang taon sa BSEd medyor sa Filipino ang may pinakamaraming bilang ng mga respondante. Ayon sa pananaliksik ni Roberts (1989), parehong tumatanggap ang mga lalaki at babae ng positibo at negatibong puna at nagkakaroon ng tugon batay sa kanilang natatanggap upang mapabuti ang sariling pagtatasa. Samantala, ayon kay Berlin (2016), parehong kasarian ang nagkakaroon ng pagtutok sa parehong positibo at negatibong puna upang masuri ang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

kanilang kakayahan. Dagdag pa, ayon kina Wei et al. (2020), mayroong pagkakaibang nakita sa paraan ng paggamit ng puna ng mga senior na mag-aaral kumpara sa mga junior. Ang *seniors* ay mas nakatuon sa puna na nauugnay sa kanilang personal na layunin sa pagkatuto, samantalang ang *juniors* ay tumutugon sa puna ng guro sa mas pangkalahatang paraan.

***Talahanayan 4***
***Antas Ng Kilos Sa Feedback Literacy Ayon Sa Paghahanap ng Feedback na Impormasyon***

| Paghahanap ng Feedback na Impormasyon | *Mean* | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| *1. Nakapagnilay upang isipin ang kalidad ng aking gawain at gamitin ito bilang basehan upang pagbutihin ito* | *4.35* | *Lubhang Mataas* |
| *2. Naghahanap ng mga halimbawa ng magandang gawain upang mapabuti ang aking gawain.* | *4.40* | *Lubhang Mataas* |
| *3. Nakikinig o nagbabasa nang maigi kapag ang ibang tao ay nagbibigay ng input tungkol sa akng gawain* | *4.27* | *Lubhang Mataas* |
| *4. Tumatanggap ng komento patungkol sa aking gawain* | *4.36* | *Lubhang Mataas* |
| *5. Humihingi ng komento patungkol sa espisipikong aspeto ng aking gawain* | *4.24* | *Lubhang Mataas* |
| ***KABUOAN*** | ***4.33*** | ***Lubhang Mataas*** |

***Talahanayan 5***
***Antas Ng Kilos Sa Feedback Literacy Ayon Sa Gawing Makabuluhan ang Impormasyon***

| ***Gawing Makabuluhan ang Impormasyon*** | ***Mean*** | ***Deskripsyon*** |
|---|---|---|
| *1. Maingat sa pagkonsidera ng mga komento ukol sa aking gawain bago ako magpasiya kung gagamitin ito o hindi* | *4.27* | *Lubhang Mataas* |
| *2. Maingat sa pagkokonsidera ng mga impormasyong natanggap mula sa iba't ibang pinagmulan bago ito gamitin sa mga gawain* | *4.32* | *Lubhang Mataas* |
| *3. Isinasaalang-alang ang kredibilidad ng komento sa pagpapasya rito kung ano ang gagawin* | *4.33* | *Lubhang Mataas* |
| *4. Tinitingnan nang mabuti ang kaugnayan ng mga komento sa pamantayan* | *4.26* | *Lubhang Mataas* |
| ***KABUOAN*** | ***4.30*** | ***Lubhang Mataas*** |

***Talahanayan 6***
***Antas Ng Kilos Sa Feedback Literacy Ayon Sa Magamit ang Feedback na Impormasyon***

| ***Magamit ang Feedback na Impormasyon*** | ***Mean*** | ***Deskripsyon*** |
|---|---|---|
| *1. Nagsusuri kung ang aking gawain ay mas napabuti pagkatapos kong kumilos batay sa mga komento* | *4.26* | *Lubhang Mataas* |
| *2. Gumagamit ng mga komento upang mas malinang ang aking pag-unawa kung ano ang isang magandang kalidad na gawain* | *4.23* | *Lubhang Mataas* |
| *3. May balak kung paano gagamitin ang mga komento upang mapabuti ang mga susunod na gawain, hindi lamang ang agarang gawain kapag tinatanggap ko ang mga ito* | *4.26* | *Lubhang Mataas* |
| *4. Maingat sa pag-aalaga ng mga komento sa nakaraang gawain upang magamit muli sa hinaharap* | *4.17* | *Mataas* |
| *5. Gumagamit ng mga komentong natanggap upang higit pang mapabuti ang aking gawain sa hinaharap* | *4.27* | *Lubhang Mataas* |
| ***KABUOAN*** | ***4.24*** | ***Lubhang Mataas*** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

***Talahanayan 7***
***Antas Ng Kilos Sa Feedback Literacy Ayon Sa Makalahad ng Feedback na Impormasyon***

| ***Kasanayan sa Disenyo ng Pananaliksik*** | ***Mean*** | ***Deskripsyon*** |
|---|---|---|
| *1. Nagbibigay ng konstruktibong kritisismo kapag nagkokomento sa gawain ng iba* | *4.17* | *Mataas* |
| *2. Nagbibigay ng komento sa gawain ng iba nang may pahintulot* | *4.25* | *Lubhang Mataas* |
| *3. Sumasangguni sa mga pamantayan o kriterya sa pagkomento sa gawain ng iba* | *4.17* | *Mataas* |
| *4. Nag-aalok na magbigay ng puna sa aking kapwa.mas mataas na edukasyon* | *4.13* | *Mataas* |
| *5. Sumusubok na magbigay nang malinaw na komento o puna sa iba* | *4.07* | *Mataas* |
| ***KABUOAN*** | ***4.16*** | ***Mataas*** |

***Talahanayan 8***
***Antas Ng Kilos Sa Feedback Literacy Ayon Sa Manage Affect***

| ***Kasanayan sa Disenyo ng Pananaliksik*** | ***Mean*** | ***Deskripsyon*** |
|---|---|---|
| *1. Bukas sa mga makatuwirang kritisismo tungkol sa aking gawain* | *4.25* | *Lubhang Mataas* |
| *2. Mahusay makitungo sa anumang negatibong emosyonal na reaksyon sa impormasyong natanggap* | *4.14* | *Mataas* |
| *3. Naghahanap ng paraan upang magamit ang komentong hindi kaaya-aya* | *3.96* | *Mataas* |
| *4. Nabibigyan ng inspirasyon sa mga kritikal na komento na natanggap upang mapabuti ang aking gawain* | *4.19* | *Mataas* |
| *5. Gumagamit ng mga kritikong natanggap kahit hindi kaaya-aya* | *3.72* | *Mataas* |
| ***KABUOAN*** | ***4.16*** | ***Mataas*** |

**Kabuohang Antas Ng Kilos Sa *Feedback Literacy* Ng Mga Mag-Aaral**

Ipinapakita sa Talahanayan 8 ang antas ng kilos sa *feedback literacy* ng mag-aaral na may pangkalahatang *mean* na 4.21 na may deskiptibong katumbas na paglalarawang "lubhang mataas". Ito ay nangangahulugan na ang mag-aaral sa kolehiyo ng sekondaryong edukasyon medyor sa Filipino mula sa unang taon hanggang ika-apat na taon ay palaging naipapakita ang paghahanap ng *feedback* na impormasyon, gawing makabuluhan ang impormasyon, paggamit ng *feedback* na impormasyon, paglalahad ng *feedback* na impormasyon, at ang pag kontrol ng emosyon o manage affect. Nagmumungkahi ito ng matibay na pundasyon para sa matagumpay at makabuluhang pakikipag-ugnayan.

***Talahanayan 9***
***Kabuoan ng Antas ng Kakayahan sa Pananaliksik ng Mag-aaral***

| ***Indikeytor*** | ***Mean*** | ***Deskripsyon*** |
|---|---|---|
| *Paghahanap Ng Feedback Na Impormasyon* | *4.33* | *Lubhang Mataas* |
| *Gawing Makabuluhan Ang Impormasyon* | *4.30* | *Lubhang Mataas* |
| *Magamit Ang Feedback Na Impormasyon* | *4.24* | *Lubhang Mataas* |
| *Makalahad Ng Feedback Na Impormasyon* | *4.16* | *Mataas* |
| *Manage Affect* | *4.05* | *Mataas* |
| ***KABUOAN*** | ***4.21*** | ***Lubhang Mataas*** |

***Talahanayan 10***
***Pagkakaiba ng mga Kilos sa Feedback Literacy ng mga Mag-aaral Batay sa Kasarian***

| ***Baryabol*** | | ***Kilos sa Feedback Literacy*** | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | ***Mean*** | ***SD*** | ***t-value*** | ***P-Value*** | ***Decision*** $\alpha = 0.05$ |
| ***Kasarian*** | *Lalaki* | *4. 16* | *0.37* | *-0.857* | *0.393* | $H_0$ ***Accepted*** |
| | *Babae* | *4.23* | *0.42* | | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

***Talahanayan 10***
***Pagkakaiba ng mga Kilos sa Feedback Literacy ng mga Mag-aaral Batay sa Antas ng Taon***

| ***Variable*** | | ***Kilos sa Feedback Literacy*** | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | *Mean* | *SD* | *t-value* | *P-Value* | *Decision* $\alpha = 0.05$ |
| ***Kasarian*** | *1st Year* | *4. 11* | *0.34* | *7.588** | *0.001* | ***$H_0$ Rejected*** |
| | *2nd Year* | *4.25* | *0.40* | | | |
| | *3rd Year* | *4. 22* | *0.48* | | | |
| | *4th Year* | *4. 62* | *0.30* | | | |

**Pagkakaiba ng mga Kilos sa *Feedback Literacy* ng mga mag-aaral kapag sinuri batay sa Kasarian.**
Walang pagkakaiba sa *feedback* literacy ng mag-aaral sa BSEd medyor sa Filipino batay sa kasarian, na nangangahulugang parehong may kakayahan ang mga lalaki at babae na maunawaan at magamit ang *feedback* nang epektibo. Dahil dito, tinanggap ang *null hypothesis*. Ayon kay Roberts (1989), parehong tumatanggap ang mga lalaki at babae ng positibo at negatibong puna at nagkakaroon ng tugon batay sa kanilang natatanggap upang mapabuti ang sariling pagtatasa. Dagdag pa, parehong binibigyang-pansin ng dalawang kasarian ang positibong puna dahil nararamdaman nilang mas nakatutulong ito sa kanilang pag-unlad kaysa sa negatibong puna. Samantala, ayon kay Berlin (2016), parehong kasarian ang nagkakaroon ng pagtutok sa parehong positibo at negatibong puna upang masuri ang kanilang kakayahan. Ang magkaparehong pananaw na ito ay nagiging salik upang maimpluwensiyahan ang kanilang pagkilos at pagpapabuti sa kanilang ginagawa.

**Pagkakaiba ng mga Kilos sa *Feedback Literacy* ng mga Mag-aaral Kapag Sinuri Batay sa Antas ng Taon**
Mayroong pagkakaiba sa kilos o gawi ng mag-aaral sa *feedback literacy* batay sa kanilang taon ng pag-aaral, kaya't tinanggap ang *null hypothesis*. Karugtong dito, ayon kina Wei et al. (2020), mayroong pagkakaibang nakita sa paraan ng paggamit ng puna ng mga senior na mag-aaral kumpara sa mga junior. Ang *seniors* ay mas nakatuon sa puna na nauugnay sa kanilang personal na layunin sa pagkatuto, samantalang ang *juniors* ay tumutugon sa puna ng guro sa mas pangkalahatang paraan. Sa kabila nito, iniulat na sa mas mataas na antas ay handang tumanggap, magkontrol, at maghanap ng puna para sa pagpapabuti ng kanilang sariling pagtatasa kumpara sa mas mababang antas ng taon ng mag-aaral. Makikita sa resulta na mas mataas o aktibo ang pagganap o paggamit ng *feedback* ng nasa mataas na antas ng taon. Nangangahulugan na laganap sa kanila ang paggamit ng *feedback* o puna sa kanilang akademikong pagganap. Ipinapakita ng resulta na ang kilos ng mag-aaral kaugnay ng *feedback literacy* ay naiimpluwensiyahan ng kanilang antas at kasarian. Gayundin, bawat mag-aaral ay may natatanging pananaw at gawi sa pagtanggap at paggamit ng puna, na nagpapahiwatig ng kanilang personal na diskarte sa pagkatuto at pagpapabuti.

## KONKLUSYON
Sa kasarian, ang kabuoang bilang ng respondante ay nagpapakita na may isang daan at labinlimang babae at tatlumpu't dalawang lalaki. Sa antas ng taon, ang may pinakamaraming bilang ng respondante ay ang unang taon sa BSEd medyor sa Filipino na may pitumpu't limang respondante, sinundan naman ito ng pangalawang taon na may tatlumpung respondante, mayroong dalawampu't pitong respondante sa pangatlong taon ng BSEd Filipino, at ang pang-apat na taon naman ay may labinlimang respondante.

Batay sa resulta, ang mag-aaral sa BSEd medyor sa Filipino ay nagpapakita na lubhang mataas ang antas ng kaalaman o kasanayan sa paggamit ng puna. Mahusay ang kanilang paghahanap ng *feedback* na impormasyon, mataas rin ang antas ng paggawang makabuluhan ang mga nakuhang impormasyon mula sa puna, nagagamit ang *feedback* na impormasyon, nakalalahad ng *feedback* na impormasyon, at pag kontrol ng emosyon o ang pag-*manage affect*. Karugtong dito, natuklasan din na may pagkakaiba ang kakayahan o kasanayan sa pagtanggap o paggamit ng puna batay sa antas ng taon ng mag-aaral. Ito ay nagpapahiwatig na ang kasarian at antas ng taon ay nakaaapekto sa kasanayan sa paggamit ng puna ng mag-aaral.

Ito ay nangangahulugan na iba pang mga salik, tulad ng mga indibidwal na katangian o personal na karanasan ay maaring magkaroon ng mas malaking epekto sa kilos sa *feedback literacy* ng mag-aaral. Ang mga susunod na pag-aaral ay dapat na magtuon sa pagtuklas ng mga karagdagang salik na ito upang magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga pagkakaiba ng pakikipag-ugnayan sa pagitan ng bawat mag-aaral.

## REKOMENDASYON
Ipinapakita ng resulta ng pag-aaral na may mataas na kasanayan ang mag-aaral ng medyor sa Filipino sa paggamit ng *feedback*, partikular sa artikular sa paghahanap ng *feedback* na impormasyon, paggawang pakabuluhan ang impormasyon, paggamit ng *feedback* na impormasyon, paglalahad ng *feedback* na impormasyon, at ang pag-*manage affect*.

Iminumungkahi rin ng mananaliksik na maaring pagtuunan pa ng pansin ng mga guro ang pagbibigay ng mga *constructive criticism* upang magabayan ang mag-aaral na mahasa ang kanilang kasanayan at kakayahan na kaya pa nilang mapabuti ang kanilang mga gawain at maging ang perpormans nila sa klase. Ang bawat guro ay may mahalagang papel sa paglinang ng kasanayan sa pagtanggap at paggamit ng puna ng mag-aaral. Samakatuwid, mahalagang bigyang-diin sa mga programa sa pag-unlad ng guro ang kahalagahan ng paggamit ng puna nang wasto at ang mga estratehiya sa pagbibigay ng epektibong *feedback*. Maaaring isama sa mga programa ang *workshop, seminar,* at pag-aaral ng mga pananaliksik na may kaugnayan sa paksang ito. Sa pamamagitan nito, mas mapapabuti ang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

kakayahan ng mga guro na magbigay ng constructive at kapaki-pakinabang na *feedback* na mag-uudyok sa pagkatuto ng mag-aaral.

Gayundin, Iminumungkahi rin ng mananaliksik na isama ng mga guro ang mga pagsasanay sa silid-aralan na magpapataas ng kamalayan ng mag-aaral sa mga pagbubukas ng kanilang isipan na tumanggap ng bawat puna o kumento upang mas mapapabuti pa nito ang perpormans ng isang mag-aaral. Mahalagang hikayatin ang mag-aaral na magbigay at tumanggap ng *feedback* sa isa't isa. Maaaring isagawa ang mga *peer review* ng mga papel, proyekto, o presentasyon upang mapagbuti ang kanilang mga kasanayan sa komunikasyon at pagtanggap ng kritik. Sa pamamagitan ng *peer feedback*, mas matututo ang mag-aaral na mag-isip nang kritikal tungkol sa kanilang sariling mga gawa at makakatanggap sila ng mga *constructive criticism* mula sa kanilang mga kaklase.

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay maaaring magamit upang mapabuti ang mga pamamaraan ng pagbibigay ng puna sa mga paaralan, partikular sa mga programang edukasyon tulad ng medyor sa Filipino. Maaaring magsagawa ng mga *seminar* at *workshop* para sa mga guro upang bigyang-diin ang kahalagahan ng malinaw, kongkreto, at nakapagpapalakas na puna sa akademikong pagganap ng mag-aaral. Dagdag pa rito, ang teknolohiya, tulad ng *learning management systems* (LMS), ay maaaring gamitin upang gawing maayos ang pagbibigay ng puna. Sa pamamagitan nito, maaari itong makapagpapalakas ng interaksyon sa pagitan ng guro at mag-aaral.

Samakatuwid, mahalaga ang regular na pagsusuri sa mga kasanayan sa pagbibigay ng puna o *feedback* upang matiyak na ito ay malinaw, nakatutulong, at epektibo, na nagbibigay ng malinaw na direksyon sa pagpapabuti ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

## TALASANGGUNIAN

1. *Balanga, R. A., Fidel, I. V. B., Gumapac, M. V. G. P., Ho, H. T., Tullo, R. M. C., & Villaraza, P. M. L. (2016). Student Beliefs towards Written Corrective Feedback: The Case of Filipino High School Students. Journal on English Language Teaching, 6(3), 22-38.*
2. *Boud, David, and Elizabeth Molloy. 2013. "Rethinking Models of Feedback for Learning: The Challenge of Design." Assessment and Evaluation in Higher Education 38, no. 6: 698–712. https://doi.org/10.1080/02602938.2012.691462.*
3. *Cantrell, Mary. (2011). Demystifying the research process: understanding a descriptive comparative research design. Pediatric nursing. 37. 188-9.*
4. *Carless, D., & Boud, D. (2018). The development of student feedback literacy: Enabling uptake of feedback. Assessment &Evaluation in Higher Education, 43(8), 1315–1325. https://doi.org/10.1080/02602938. 2018.1463354.*
5. *Dawson, P., Yan, Z., Lipnevich, A., Tai, J., Bouda, D., & Mahoney, P. (2023). Measuring what learners do in feedback: the feedback literacy behaviour scale [FLBS]. Assessment & Evaluation in Higher Education, 7(3), 1-12. doi:https://doi.org/10.1080/02602938.2023.2240983*
6. *Etikan, I., & Bala, K. (2017). Sampling and sampling methods. Biometrics & Biostatistics International Journal, 5(6), 00149.*
7. *Gan, Z., An, Z., Liu, F., Zhang, L. J., & Gao, X. (2021). Teacher feedback practices, student feedback motivation, and feedback behavior: How are they associated with learning outcomes? Frontiers in Psychology, 12, 697045. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2021.697045*
8. *JetLearn. (2023, March 15). The importance of critical thinking for students. JetLearn. https://www.jetlearn.com/blog/importanceof-critical-thinking-for-students*
9. *Mccombes 2019. (2024). Types of Research Design in 2024: Perspective and Methodological Approaches. research. doi:https://research.com/research/types-of-research design?fbclid=IwAR3iD8YYYovxe7cTdKcbEA0qmYC246 ZEg5Rh90E2Wh0q_szB3auWc53bD7kp*
10. *Molloy, E., Boud, D., & Henderson, M. (2020). Developing a learning-centred framework for feedback literacy. Assessment &Evaluation in Higher Education, 45(4), 527–540. https://doi.org/10.1080/02602938.2019.1667955*